EXCERPTS MULA SA **‘KULANG NA SILYA’**

**(1)**

"SULAT PARA SA MGA GUSTONG MAGSULAT"

And that is when the magic happens again. Ang kapangyarihan mo to touch other people’s lives, to make a heart beat, a tree move, a dream come true, a nation change. To be of this world and yet not of this world. Isa kang bagong silang na nilalang na matagal nang nabuhay. Isa kang teacher, doktor, clown, sirkero, lover, mother, iconoclast, whore, poet, magician all at the same time. Nang tanungin ka noong bata ka pa kung anong gusto mong maging paglaki, ang tama palang sagot ay all of the above.

**(2)**

“Ipaglaban mo ang mga pangarap mo.
Hindi baleng mabigo ka na ipinaglalaban ang mga pangarap mo, kesa nabigo ka nang
hindi man lamang dahil sa mga ito.
At kahit mabigo ka, huwag kang mag-alala. Hindi iyan ang sukatan ng worth mo bilang tao. Hindi mo kailangang maging perpekto. Hindi mo kailangang labanan ang sarili mo, o pantayan ang iba. You are never worthless. Just be yourself. Langoy lang nang langoy, lipad lang. Bawat graduation ay pag-iwan kaya lumayas ka, putulin mo ang tali, iwanan mo ang nakagawian, pumalaot ka. Huwag kang matakot magkamali.
Di baleng malunod. Di baleng mahulog. Kapag
bumagsak ka, doon mo mas mahahanap ang
sarili mo. Sa paulit-ulit na pagkabigo ay mas matututo ka. Para kang sinusulat na nobela na kailangang paulit-ulit na i-revise. Hanggang sa kuminang.”